State of California—Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services

RICHARD FIGUEROA
*ACTING DIRECTOR*

GAVIN NEWSOM
*GOVERNOR*

## Mahalagang balita tungkol sa iyong health coverage

Minamahal na Benepisyaryo:

Magandang balita! Isang bagong batas ng California ay nangangahulugang ang iyong limitadong saklaw ng mga benepisyo mula sa Medi-Cal ay maaaring maging buong saklaw na mga benepisyo mula sa Medi-Cal.

**Ano ang bagong batas?**

Simula **Enero 1, 2020**, isang bagong batas sa California ang magbibigay ng buong saklaw na Medi-Cal sa mga may sapat na gulang na wala pang 26 na taon. Hindi mahalaga ang iyong immigration status. Kailangan mo pa ring matugunan ang lahat ng iba pang mga alituntunin sa pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal.

**Ano ang buong saklaw na Medi-Cal?**

Ang Medi-Cal ay nagbibigay ng libre o murang pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong nakatira sa California. Ang buong saklaw na Medi-Cal ay sumasaklaw sa higit pa sa pang-emerhensyang pangangalaga lang. Kabilang dito ang pangangalagang medikal, dental, pangkaisipang kalusugan, at pangangalaga sa paningin (mata). Ang buong saklaw na Medi-Cal ay sumasaklaw din sa paggamot sa pag-abuso sa alkohol at droga, sa mga gamot na inirereseta ng iyong doktor, at higit pa. Maaari din itong magbigay ng transportasyon sa pagbisita sa doktor at dentista at pagkuha ng iyong gamot. Para malaman ang higit pa tungkol sa Medi-Cal, basahin ang Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQs) na kasama ng sulat na ito.

Ang buong saklaw na Medi-Cal ay naiiba mula sa limitadong saklaw na Medi-Cal na mayroon ka ngayon. Ang limitadong saklaw na Medi-Cal ay sumasaklaw sa ilang mga serbisyo pero hindi sumasaklaw sa mga bagay na tulad ng gamot o pangunahing pangangalaga (primary care). Kung mayroon kang limitadong saklaw na Medi-Cal na nauugnay sa pagbubuntis, maaari ka sa lahat ng mga serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal, hangga’t ang serbisyo ay medikal na kinakailangan.

**Paano ako makakakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan?**

Nung nag-enrol ka sa buong saklaw na Medi-Cal, masusulit mo ang mga serbisyo ng iyong pangangalagang pangkalusugansa pamamagitan ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay isang plano sa segurong pangkalusugan na sumasaklaw sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Ang bawat plano ay mayroong partikular na mga

tagapagkaloob. Maaari mong piliin ang anumang planong pangkalusugan ng Medi-Cal na nagseserbisyo sa county kung saan ka nakatira. Para malaman ang higit pa tungkol sa iyong mga pagpipilian sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal, pumunta sa https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/.

Sa limitadong saklaw ng Medi-Cal na mayroon ka ngayon, mayroon ka dapat na Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC). Ang BIC ay isang plastic card. Mayroon itong "poppy flower" o "asul at puting" disenyo. Kapag nagpunta ka para sa pangangalaga, kailangang makita ng iyong doktor o klinika ang iyong BIC. Laging dalhin ang iyong BIC sa lahat ng pagbisitang medikal at dental. Kapag nag-enrol ka sa buong saklaw na Medi-Cal, patuloy mo pa ring gagamitin ang iyong BIC. Kung kailangan mo ng bagong BIC, mangyaring tawagan ang iyong tanggapan ng county para sa bagong card.

Kapag nag-enrol ka sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, makakakuha ka rin ng card ng planong pangkalusugan mula sa iyong bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Kapag binisita mo ang iyong doktor, dentista, at iba pang mga tagapagkaloob ng medikal, laging ipakita ang iyong BIC at card ng iyong planong pangkalusugan.

**Paano ko malalaman kung maaari akong makakuha ng buong saklaw na Medi-Cal?**

Makakakuha ka ng sulat sa koreo na nagsasabi sa iyo kung maaari kang makakuha ng mga benepisyo ng buong saklaw na Medi-Cal.

**May kailangan ba akong gawing anuman ngayon?**

Wala. Hindi magbabago ngayon ang iyong mga benepisyo sa Medi-Cal, kaya huwag munang gumawa ng anuman. Dahil mayroon ka nang limitadong saklaw na Medi-Cal, **hindi** mo kailangang sumagot ng bagong aplikasyon para sa Medi-Cal. Ngunit kung may nakuha kang pakete sa sulat para i-renew ang iyong Medi-Cal, dapat mong sagutan ito.

**Saan ko maaaring malaman ang higit pa o makakuha ng tulong?**

Para malaman ang higit pa tungkol sa Medi-Cal para sa mga may sapat na gulang o para makakuha ng tulong:

- Tawagan ang Medi-Cal Helpline sa 1-800-541-5555. Libre ang pagtawag.
- Pumunta sa website ng Department of Health Care Services sa: https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/YoungAdultExp.aspx.

*Para sa mga tanong na may kaugnayan sa imigrasyon, kabilang ang kung paano ito nauugnay sa programang Medi-Cal:*

Pinopondohan ng California Department of Social Services (CDSS) ang mga kwalipikadong nonprofit na organisasyon para magbigay ng mga serbisyo sa mga imigrante na nakatira sa estado ng California. Maaaring makita ang isang listahan ng mga tagapagkaloob sa website ng

CDSS sa: https://www.cdss.ca.gov/Benefits-Services/More-Services/Immigration-Services/Immigration-Services-Contractors.

Para sa karagdagang impormasyon sa imigrasyon at mapagkukunan, mangyaring bisitahin ang website para sa Gabay ng Imigrante sa California sa: https://immigrantguide.ca.gov/.

Maraming salamat,

Department of Health Care Services